State of California—Health and Human Services Agency
Department of Developmental Services
1215 O Street, Sacramento, CA 95814
www.dds.ca.gov

NANCY BARGMANN
DIRECTOR

GAVIN NEWSOM
GOVERNOR

Marso 18, 2024

SA: MGA EHEKUTIBONG DIREKTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: PAGBABAGO SA STATUS CODE “U” (PANSAMANTALANG PAGIGING KARAPAT-DAPAT) SA SANDIS

Layunin ng sulat na ito ang ipaalam sa mga regional center na ang paggamit ng status code na “U” (pansamantalang pagiging karapat-dapat) sa SANDIS ay pinalawak ng higit pa sa mga batang 3 at 4 na taong gulang upang maisama rin ang mga batang wala pang 3 taong gulang.

Kasaysayan
Bilang pag-follow-up sa sulat noong Agosto 5, 2021 ng parehong paksa, at alinsunod sa mga pagbabago kamakailan sa Welfare and Institutions (W&I) Code 4512(a), ang isang bata na wala pang limang taong gulang ay maaaring matagpuang pansamantalang karapat-dapat para sa mga serbisyo ng regional center kung ang bata ay may kapansanan na hindi lamang pisikal at may malaking limitasyon sa pagganap sa hindi bababa sa dalawa sa mga sumusunod na aspeto ng pangunahing aktibidad sa buhay, gaya ng napagpasyahan ng regional center.

1. Pangangalaga sa sarili
2. Wikang nauunawaan at ipinahahayag
3. Pag-aaral
4. Pagkilos
5. Pagbibigay ng direksyon sa sarili

Status Code "U "
Nakipagtulungan ang Department of Developmental Services (Department) sa SANDIS upang palawakin ang grupo ng mga indibidwal kung saan maaaring ilapat ang status code na "U" upang maisama rin ang mga batang wala pang 3 taong gulang. Mangyaring ipaalam sa iyong kawani ng pamamahala ng kaso, mga system operator at iba pang kawani, kung kinakailangan, ang pagbabagong ito.

Isinasaalang-alang ng Department ang impormasyon at patnubay na makakatulong sa mga regional center sa pagpapatupad ng pagbabago sa batas kamakailan na nagpalawig ng Pansamantalang Pagiging Karapat-dapat sa mga batang wala pang 3 taong gulang.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan hinggil sa sulat na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa akin sa brian.winfield@dds.ca.gov o (916) 654-1897.

Taos-puso,

Orihinal na nilagdaan ni:

BRIAN WINFIELD
Punong Deputadong Direktor

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor sa Regional Center
Mga Direktor ng Serbisyong Pangkomunidad ng Regional Center
Association of Regional Center Agencies
Ernie Cruz, Department of Developmental Services
Maricris Acon, Department of Developmental Services
Jim Switzgable, Department of Developmental Services